NOT FOR SALE

# VALENZUELA NGAYON

Taon 5 Blg 10 | VALENZUELA, MAY DISIPLINA! | Enero - Marso 2009

## SERBISYO SA BAYAN DAGDAGAN PA, PABILISIN PA!




Ipinamahagi ni Mayor WIN Gatchalian ang 30 motorcycle units at 8 multicab units...
pahina 5



GAD CELEBRATES WOMEN'S MONTH
page 3




Operation Smile
page 4

# 184 GRADUATES OF VALPOLY SHORT-TERM SKILLS TRAINING

Mayor WIN Gatchalian encouraged the graduates of various short-term courses offered by Valenzuela City Polytechnic College to become part of the work-force to contribute to the progress of the city and for the betterment of themselves.

"Ang araw na ito ay hindi lamang katuparan ng inyong pangarap kundi ng pangarap ng inyong pamilya at ng Lungsod ng Valenzuela para sa inyo. Nagbubunyi ang buong Lungsod para sa inyo, (Today marks the fulfillment, not only of your dreams but of your family and of Valenzuela City's dream as well. The whole city rejoices for all of you,)" Mayor WIN said.



In a simple ceremony held over the week-end at Valenzuela City Convention Center, Mayor WIN and Valpoly Officer-in-Charge Dr. Nedeña Torralba personally handed out their Certificates of Completion and encouraged them to become part of the elite diligent workforce of the city.

Valpoly Non-Formal Education and Training Department on its 55th Batch graduated a total of 184 students: 45 in Automotive Servicing, 26 in Building Wiring Installation, 31 in Consumer Electronics, 6 in Dressmaking, 27 in RAC Servicing and 49 in Shielded Metal Arc Welding.

Three (3) were awarded with certificates as outstanding students. They are Joselito F. Annario and Edgardo F. Urbano, both from Automotive Servicing, and Conrada C. Talplacido from Dressmaking Course. ■ MR. ZYAN CAIÑA

# TULOY-TULOY ANG PAG-GANDA!

Tuloy-tuloy pa rin ang mga programa ng pagpapaganda ng mga side-walk sa ating lungsod.



Pinalapad at inaayos ang sidewalk sa Karuhatan Road cor. Mc Arthur Hiway

Ang Engineering Dept. ay buong taon na walang tigil sa kanilang mga gawain na palaparin at pagandahin ang mga side walk sa buong lungsod ng Valenzuela.

Lalo na ang mga kanto ng lansangan ay nais palaparan ang mga side-walk upang maging maginhawa at iwas sakuna sa kanilang paglalakad ang mga pedestrian.

Determinado ang Pamahalaang Lungsod na ayusin, maging malinis at pagandahin ang lahat ng mga sidewalk sa kalunsuran.

"Ibang-iba ngayon, malinis, maayos at masarap lakaran ang mga side walk." sabi ni G. Arthur Labus, isang 61 taong gulang na mamamayan na dalawang beses isang linggong naglalakad tuwing umaga bilang kanyang ehersisyo.■

# TOUCHING A LIFE MISSION 2009

Sa pakikipagtulungan sa Special Project Office ni Mayor WIN Gatchalian ay naglunsad ng ***TOUCHING A LIFE MISSION 2009*** ang San Diego Forever Lions Club ng San Diego, California, U.S.A., na pinamumunuan ng kanilang Club-President na si Lion Alberto Alota.



Sa medical mission na ginanap noong ika-30 ng Enero sa Children of Mary Immaculate College compound ay napag lingkuran ang 451 pasyente sa medical check-up at libreng gamot; 163 pasyente na nagpabunot ng sirang ngipin at libreng gamot; 503 optical patient ng may libreng salamin sa mata; 17 prostate check-up screening patient; at 6 na opthalmology patient; kaya't umabot sa may kabuuang 1,140 mga pasyente ang lahat na napaglingkuran sa medical mission.



Kasama sa pagsasakatuparan ng serbisyong ito ay sina Ms. Jing M. Hernandez ng City Social Welfare and Development Office, Ms. Dorothy Evangelista ng Special Projects Office, si Dr. Jaime Exconde kasama ng iba pang mga doktor ng City Health Department, at si Dr. Peter Lloyd Mallari ang Opthalmologist, isang private practitioner.




Ang konsepto na magkaroon ng medical mission sa Lungsod ng Valenzuela ay sa pakikipag-ugnayan ni Lion Elsa J. Samaniego ng Metro Valenzuela Lions Club at ni Lion Frank Rivera ang Charter President ng Valenzuela City Lions Club na pansamantalang naka base sa San Diego,California,U.S.A.■ MS. ELSA SAMANIEGO

# MGA NANGUNGUNANG TAX PAYERS PINARANGALAN!

Pinangunahan ni Mayor Sherwin T. Gatchalian kasama ang mga lokal na opisyal sa pagpaparangal sa mga nangungunang nagbabayad ng buwis bilang bahagi ng pagdiriwang ng 11th Charter Anniversary na ginanap noong gabi ng February 13,2009.

Ayon kay Mayor WIN ang tema ng Charter Day sa taong ito ay ***"Buhay sa Valenzuela, Lalong Gumaganda! Laging Masaya!"*** bilang parangal sa mga mahalagang kontribusyon ng mga negosyong kabahagi sa pag-unlad ng Lungsod.

Si Vice President Noli de Castro ang panauhing pandangal sa gabi ng parangal na pinuri si Mayor WIN at mga taxpayers, ***"Bihira ang Mayor na hindi umaasa sa budget ng National Government upang maisakatuparan ang kanyang mga hangarin para sa kanyang lungsod"*** sabi pa ni Vice President Noli de Castro.



From left: Vice Mayor Eric Martinez, Mayor WIN Gatchalian, Miss Eliza Roces with her plaque of Recognition and Vice President Noli de Castro.

Isa ang SM Prime Holdings sa mga naparangalan, kabilang ang iba pang mga kilalang kumpanya. Ang SM Prime Holdings ay may-ari ng SM Hypermart dito sa Valenzuela,



Vice President Noli de Castro pinupuri si Mayor WIN at ang mga top tax payers

Ang iba pang pinarangalan ay ang mga sumusunod: Philam Life and Gen. Insurance, Metropolitan Bank and Trust Co., Philippine National Bank, Union Bank of the Philippines, Tiger Machinery and Industrial Corp., Flexo Manufacturing Corp., WE Enterprises and Contractors Inc., Atlas Metal Mfg. Co. Inc., Contract Packaging Corp. of the Phils., Filipino Metals, Flexible Packaging Products Corp., Continental Steel, Foodsphere, Inc. at Mayer Steel Pipe.

Kinilala rin ang mga maliliit na negosyo tulad ng Super Sarap Bakeshop, Mayvelyn Watersupply, Elizabeth's Sari-Sari Store, Teodoro's Sari-Sari Store at R.P. Artizuela Sari-Sari Store, kasama rin ang limang prankisa ng Jollibee at Mc Donalds Fast Food Chains.

Matapos pirmahan ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ang Republic Act 8526 na sinulat ng yumaong si Rep. Antonio Serapio ay ibinukod ang Valenzuela bilang lungsod. Pinagtibay ng mga residente sa ginanap na isang plebisito noong Disiembre 30, 1998; kung saan ang Valenzuela City ay naging ika-12 na lungsod sa buong Metropolitan Manila at ika-83 naman sa buong bansa.

Noong 2006, sa pamamagitan ng R.A. 9428 pinirmahan ni PGMA ang deklarasyon na ang Pebrero 14 ay isang Special Working Holiday sa buong Lungsod ng Valenzuela para gunitain ang pagiging isang lungsod nito at tawagin itong "Araw ng Valenzuela." ■

## TULONG AGAD SA MGA NASUNUGAN

Ganap na alas-3 ng hapon, noong Enero 19, araw ng Lunes ay sumiklab ang malaking sunog sa L. Angeles St., Bgy. Malinta na tumupok sa mga kabahayan na nakapinsala sa 128 mga pamilya na may kabuuang 586 katao.



Agad dinalaw ni Mayor WIN ang mga nasunugan at personal na kinapanayam ang mga ito ukol sa kanilang mga kalagayan.

Sa pangunguna ng DSWDO at ng Special Projects Office ng Pamahalaang Lungsod ay dagli-ang naglagay ng Community Kitchen upang mag




Kasama si Bgy. Captain Popoy Hernandez at Ms. Jing Hernandez, nagbibigay ng tulong pinansyal si Mayor WIN sa mga nasunugan

luto at bigyan ng pagkain ang mga nasunugan na tumagal ng halos dalawang linggo.

Unang araw pa lamang ay nagpapadala na nang tulong sina Mayor WIN Gatchalian at Cong. REX Gatchalian sa mga nasunugan.

Kumilos ang Pamahalaang Lungsod pag-karaan ng pagsusuri at nagbigay ng pinansyal na tulong. Bawat pamilya ay limang libong piso para sa 66 na home owners, dalawang libong piso sa 53 house renters, at dalawang libong piso sa 9 na house sharers.

***"But still, these are not enough. As we all know, fire is one of the worst disasters. Maliit pa ang mga napamahagi natin kumpara sa kailangan ng mga biktima para tuluyan silang makabangon. Nothing is left of their homes. That's why I'm appealing to good-hearted Valenzuelanos, tulungan natin ang ating mga kababayan,"*** ang pahayag ni Mayor WIN, na agarang dinalaw ang mga biktima pagkatapos ng sunog.



Nagdatingan ang mga relief goods mula sa mga nagmagandang loob at ipinamahagi sa mga nasunugan sa Bgy. Malinta, Valenzuela City

Sina Coun. Cora Cortez, Senator Manny Villar at mga Non-Government Organization tulad ng Philippine National Red Cross-Valenzuela, DZRH Radio-AM Band Operation Tulong, GMA Kapuso Foundation, Inc. at ABS-CBN Foundation, Inc.-Sagip Kapamilya na pinamunuan ni Bb. Bernadette Sembrano-Aguinaldo ay namigay rin ng mga relief goods, used clothes, gamit sa kusina at laruan para sa mga bata.■

## KASANAYAN PARA SA HANAPBUHAY

Kasama ang ibang mga sangay ng pamahalaan ay pinangunahan ng opisina ni Mayor WIN Gatchalian ang pagbibigay sa 200 mga kabataan ng libreng pag-aaral sa kasanayan para sa hanapbuhay na ginanap sa isang programa noong ika-11 ng Pebrero sa SM Valenzuela Event Center.



Bilang kinatawan ng TESDA ay ipinapaliwanag ni Ricky Reyes sa mga kabataan ang mga detalye ukol sa programa ng scholarship sa mga skills training.

May temang **"PGMA's Bagong Hanapbuhay 2009, Bagong Taon, Bagong Pag-asa"** ang programa ay magkatuwang na inilunsad ng opisina ng Mayor, Technical Education and Skills Development Authority o TESDA, Department of Social Welfare & Development Office o DSWDO at Metro Manila Mayor's Spouses Foundation.



From L to R: Eng'r Erwinson Anatacio, Mrs. Gloria Nayo, Ricky Reyes, Ms. Jing Hernandez, Director Martha Hernandez, Ms. Ruby Clariño at Director Nellie Asuncion, ipinakikita nila ang Certificate of Commitment para sa scholarship.

Ang mga kurso ng mga pag-aaralan ay Travel Services, Food Processing, Baking, Barista, Cellphone Repair, Dress Making at Small Engine Repair na gaganapin sa Collegio de Sta. Cecilia at sa Valenzuela Polytechnic College.

***"Ang layunin ng scholarship na ito ay para mabigyan kayo ng kasanayan at hanapbuhay. Kapag nagkaroon kayo ng kasanayan mas madali kayong magkaroon ng hanapbuhay",*** sabi ni Mrs. Martha Hernandez ang Public Information Officer ng TESDA.

Ibinigay na sa mga kabataan ang Certifi-cate of Commitment at nagsimula na ang pag-aaral sa ilang mga kurso noong ika-16 ng Pebrero na may daily allowance pa ang mga scholar hanggang matapos ang kanilang pag-aaral. ■

## GAD CELEBRATES WOMEN'S MONTH

Councilor Cora A. Cortez headed the Gender and Development Council for Women's Month Celebration held last March 2 infront of the Bulwagang Geronimo Angeles building that was attended by different women's organizations of the city.

Applauded in the celebration is the importance of women and their contributions, roles, and inate skills and talents for nation's building.

Mentioned during the prayers was that by woman's absence a house is too difficult to become a home and a thousand men may build a city, but it takes a woman, a mother to make a home.

"A woman, a wife, a mother; who fears the Lord, she brings fortress around her family, a crown of her husband. The world could not be better without her" Dr. Fermin Bercero, a school president said.■




# 28 UNITS NG MGA MULTI CAB IPINAMAHAGI SA DISTRICT-1

Magkakasabay na ipinamahagi ni Congressman REX Gatchalian ang 28 multi cab sa mga barangay ng District-1 Lungsod ng Valenzuela noong ika-18 ng Enero. Ang mga naturang behikulo ay pinangalanang REXcue Patrol na sasakyang pangserbisyo ng mga barangay. Ito ay Suzuki 600 cc engine na may halagang 223,000.00 piso bawat isa, kaya't ang kabuuang halaga ng 28 units ay 6,244,000.00 piso. Bawat behikulo ay may pangalan ng barangay kung saan ito nakalaan.



Dahil sa bilang ng populasyon ang limang barangay ay dalawang multi cab ang nakalaan; ito ay ang mga barangay Dalandanan, Malinta, Viente Reales, Canumay at Malanday. Ang ibang mga barangay ng District-1 ay tig-iisang multi cab ang inilaan.

Nagdulot ng tuwa sa mga mamamayan habang pinapanood ang motorcade noong umaga ng araw ng Linggo ng ang mga sasakyan ay ipinama-hagi. "Iba talaga maglingkod ang magkapatid, kitang-kita mo ang mga proyekto para sa pagpapa-unlad ng bayan" sabi ni G. Martin Abendan, isang residente.

"Napakalaking tulong para sa aming barangay ang sasakyang ito, mas mabilis naming mapagliling-kuran ang aming mga kabarangay at madali naming matutugunan ang mga hiling serbisyo nila." sabi naman ni G. Pablo D. Antonio, ang Bgy. Captain ng Bgy. Rincon.

Pangkaraniwan sa mga barangay hall ng lungsod ay marami na ang bilang ng mga nakaparadang sasakyan dahil kamakailan lang ay namahagi rin ng mga ambulansya si Mayor WIN Gatchalian. Dapat ng palakihan ng mga barangay ang kanilang garahe para magkasya ang kanilang mga sasakyan. ■

## LINGGO NG BIBLIA SA VALENZUELA

Ang huling linggo ng Enero ay ipinagdiriwang ng bansa bilang National Bible Week. Sa taong ito, ika-19 hanggang ika-25 ng Enero ang pagdiriwang nito na kinatatampukan ng mga programa na pinangungunahan ng Philippine Bible Society at ng mga Kristianong samahan at mga organisasyon.

Dito sa ating Lungsod ng Valenzuela ay may City Ordinance No. 25 series of 2005 na nagsasaad: **"AN ORDINANCE DECLARING AND CELEBRATING THE LAST WEEK OF JANUARY 2006 AND EVERY YEAR THEREAFTER AS "VALENZUELA CITY BIBLE WEEK"** na ipinanukala ni Councilor Marcelino Morelos, na ipinasa ng Sangguniang Panlunsod noong Hulyo 6, 2005. Ang naturang pagdiriwang ay sinuportahan at pinondohan ng Office of the City Mayor WIN Gatchalian.

Sa loob ng isang linggo, Enero 19-25, ay ipinagdiwang ang naturang okasyon. Sa isang Flag Raising Ceremony ng mga empleyado ng Pamahalaang Lungsod, nagpaalala ang mga lider ng simbahan, sa kahalagahan ng pagbabasa ng biblia.



Mga Valenzuela Pastors sa programa ng Bible Week Celebration

Sinundan ito ng Luncheon Fellowship kasama ang mga Kapitan ng mga barangay, mga hepe ng iba't-ibang departamento ng Pamahalaang Lungsod, mga prinsipal ng mga paaralan at mga lider ng iba't-ibang Kristianong mga organisasyon.

Nagbigay ng mensahe mula sa biblia si Dr. Anacleto Carag,ang presidente ng Febias College of Bible. Ang Philippine Bible Society ay namahagi ng sipi ng biblia sa lahat ng mga dumalo at ang Gospel Recording Philippines ay namahagi naman ng audio bible CD.

Sa mensahe ni Mayor WIN Gatchalian ay nagpasalamat siya dahil ang Lungsod ng Valenzuela ay napakaraming mga simbahan at mga Kristianong institusyon na kaagapay sa maayos na pamayanan. ***"Ang revival o moral recovery ay madaling sabihin pero mahirap gawin. Dapat ang revival ay magmula sa ating puso. Dapat sa atin mismo manggaling kung gusto nating pagandahin ang ating lugar na maging maayos at tahimik, hindi na kailangang manghuli o lektyuran ang bawat isa para ang ating lugar ay maisaayos"*** dagdag pa ni Mayor WIN.

Nagkaroon din ng motorcade na sinamahan ng mga 300 katao na ipinagbunyi ang Biblia para sa maayos, maganda at payapang lipunan at para rin sa pinagpalang buhay ng bawat mamamayan.■

## OPERATION SMILE

Isa sa mga Community Outreach Program ni Konsehal Ignacio G. Santiago Jr. ay ang pagbibigay ng tulong sa pamamagitan ng libreng operasyon sa mga bata na may bingot. Ang proyektong ito ay taunang ginaganap sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng kanyang tanggapan at ng



Si Angelo Saganay, 7 years old, taga Bgy. Arkong Bato na naoperahan sa bingot na programa ni District-1 City Councilor Jun Santiago

Operation Smile Philippines Foundation Inc.

Ang programa ni Coun. Jun Santiago ay nakapagpaopera na ng 44 mga batang kapus -palad dito sa Valenzuela na nabigyan ng ngiti at ligaya.

Sa kaugnay na programa, ang Special Project Office ni Mayor WIN Gatchalian ay may 26 ng mga bata ang naoperahan sa bingot simula pa ng ito ay umpisahan noong nakaraang taon.

Ang mga magulang ng batang Valenzuelano na may problema ng bingot, ay pwedeng tumawag sa opisina ng Special Projects Office, telepono bilang 293 0991 at hanapin si Ms. Jacki Melilli ang project coordinator. ■

## MATH AT ENGLISH WORKBOOKS PINAMAHAGI NG WIN ANG EDUKASYON PROGRAM

Mula noong ika-19 ng Enero hanggang ika-2 ng Pebrero ay namahagi sa 38 mga paaralan ang ***WIN Ang Edukasyon Program*** ng may kabuuang 46,488 mga workbook para sa 23,138 kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa elementarya na nasa grade-1 at grade-2.


Si Mayor WIN, Mrs. Julita Magbitang, ang prinsipal, at mga school staff ng Serrano Elementary School matapos ang pamamahagi ng mga workbook sa mga mag-aaral.

Noong nakaraang taon, ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ay naki pagtulungan sa Synergeia Foundation, ito ay alyansa ng mga indibidwal, mga institusyon, organisasyon na mga nagkakaisang nagsisikap para lalong mapaunlad ang kalidad ng edukasyon dito sa bansa. Itinatag ni Mayor WIN Gatchalian ang ***"WIN ang Edukasyon Program"*** upang mapangalagaan ang pag-unlad at paghusay ng sistema ng edukasyon sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga iba't-ibang uri ng proyekto sa edukasyon.


Si Mayor WIN kasama ang mga guro ng Bitik Elementary School matapos mamahagi ng mga workbook sa mga estudyante

Ang Chief Executive Officer ng Synergeia Foundation na si Dr. Milwida 'Nene' Guevarra ay nagsagawa ng Synergeia Innovation workshop. Layunin ng Workshop na malaman mula mismo sa mga magulang, estudyante at mga tagapagturo ang problema, ang mga dahilan at plano upang mapa-unlad ang sistema ng edukasyon dito sa ating lungsod. Napag-alaman sa Workshop na ang mga subject na dapat tutukan ay ang English at Mathematics.

Tuwang-tuwa ang mga estudyante na tinanggap ang mga workbooks at ang mga tagapagturo naman ay pinuri ang nilalaman nito. "Pwede n'yong isulat ang mga sagot sa exercises sa libro mismo dahil sa inyo na ang mga ito. Hindi n'yo na kailangang ibalik. Regalo na namin sa inyo."

"We are now determining the real problems in our education system.


Si Mayor WIN at Mrs. Remedios M. Pineda, ang prinsipal namamahagi ng mga workbook sa mga mag-aaral ng Karuhatan West Elementary School

Money alone cannot improve it. The basic concept of WIN ang Edukasyon Program is to focus on the inadvertently overlooked areas of education, not just the issues with regard to students but also on the critical role of teachers and parents as well. Delivery of quality education is now viewed as a collaborative task that should not be left solely to DepEd. It's high time we focus on areas other than infrastructure in improving the quality of education. We've already built and improved classrooms and will continue to do so, but these will be useless if the quality of teachers and students don't undergo major improvement as well," dagdag pa ni Mayor WIN.

Lahat ng mga guro sa mga pribado at pampublikong paaralan ay magdadaan sa mga pagsusulit upang malaman ang kanilang kahinaan, ito ang gagamiting puntos para sa klase ng pag-aaral na magagamit upang maresolbahan ang problema. Ang pag-aaral ng mga guro patungkol sa Professionalism ay nakatakda na. "The program will oversee and touch all areas of education for the holistic advancement of education system of the city"


Si Mayor WIN, Ms. Lorie N. Borja, at Mrs. Miriam Andres namahagi ng mga workbook sa mga estudyante ng Marulas Elem. School

Ayon pa kay Mayor WIN magpapamigay muli ng mga libreng workbooks sa darating na Hunyo sa mga mag-aaral ng grade 1-6 at ang Pamahalaang Lungsod ay hindi titigil sa pagbigay ng mataas na antas na uri ng edukasyon. ■

"Draw near to me, your God, and I will draw near to you." James 4:8

## SERBISYO SA BAYAN DAGDAGAN PA, PABILISIN PA!

Sa isang simpleng turn-over ceremony ay ipinamahagi ni Mayor WIN Gatchalian ang 30 motorcycle units at 8 multi cab units noong ika-19 ng Enero na ginanap sa Valenzuela City Executive Complex.



Ang naturang motorsiklo ay Honda XR 200 cc, 2008 model, na nagkakahalaga ng 150,308.00 piso bawat isa. Kaya't ang kabuuang halaga ng 30 units ay 4,509,240.00 piso. Ang mga units ng motorsiklo ay ibinigay lahat sa mga pulis ng Philippine National Police-Valenzuela, para sa mas mabilis pang operasyon ng ating kapulisan.

Ang mga multi cab naman ay re-manufactured units, Suzuki 600cc na nagkakahalaga ng 223,000.00 piso bawat isa, na may kabuuang halagang 1,784,000.00 piso ang walong units.

Ang mga multi-cab ay ipinamahagi sa mga sumusunod: 3 units ay ibinigay sa Bantay Bayan, 2 units para sa Environmental Police, 2 units sa City Health Office at 1 unit sa Waste Management Office.



Bawat opisina at departamento na binigyan ng mga sasakyan ay pawang nagpapasalamat sa Pamahalaang Lungsod sa mabilis na pagtugon nito sa kanilang mga pangangailangan para mas mapabilis pa ang kanilang serbisyo sa paglilingkod bayan.

"Very supportive si Mayor WIN at Cong. REX Gatchalian. Lahat ng pangangailangan ng bantay bayan at maging lahat ng sangay ng ating pamahalaan ay kanilang tinutugunan. Sa pamamagitan ng mga sasakyang ito ay lalong mapapabilis ang serbisyo at pagbibigay ng dagliang solusyon sa mga gampanin sa ating lungsod" ito ang sabi ni Ret. Major Loida Bondoc ang hepe ng Bantay Bayan. ■

## PRACTICE OF RESTORATIVE JUSTICE

Restorative Justice (RJ) is a victim-centered response to crime that provides opportunity of restoring broken relationships caused by crime among those directly affected-the victim, the offender, their families and the community. For the year 2008, the Valenzuela City Parole & Probation Office (VCCPO) effected the healing process among victims and clients by way of mediation-conciliation where probationers and parolees were given a chance to express their remorse for the harm they have caused.



Probation & Parole Officers monitored clients' compliance with the legal and civil obligations to indemnify their victims as determined by the courts. Clients paid their civil liabilities depending on their financial capacity.

As part of community service, clients cleaned the stairs and lobby of the Post Office Building. They also planted neem, Indian and Mahogany seedlings to contribute to environmental preservation.

The VCCPO is manned by CPPO Concepcion A. Esguerra, SPPO Alexander S. Limbaring, PPOII Lovelina M. Masi and AAII Rogelio P. Dela Cruz. ■ MS. CONNIE A. ESGUERRA

## VALENZUELA CYCLE RIDERS SUMMIT

The recently held **Cycle Safety Conciousness Program** of the office of Councilor Ignacio G. Santiago Jr. and the office of the City Mayor Sherwin T. Gatchalian in cooperation with Cycle Riders Association of Valenzuela was attended at Valenzuela City Astrodome by more than 1,600 riders from Valenzuela motorcycle and bicycle 33 registered clubs.



The theme of the occasion is Cycle Emergency Response and First Aid seminar in cooperation with Philippine National Red Cross and the City Health Department.

Special guests were Mayor Sherwin T. Gatchalian, Congressman Rex T. Gatchalian, Coun. Alvin Feliciano, Coun. Cora Cortez and Gen. Reynaldo Berroya. MCX Motor Philippines is the major sponsor who donated 3 units of brand new motorcycles for the Grand Raffle Draw. Early morning of that day the Valenzuelanos joyfully watched the cyclers speedily geared up their machines around the city.■

COUN. JUN G. SANTIAGO

## ANG P.E.T.A. NG H.E.P.O

Si Pia, Erlyn, Thess at Allan ang PETA ng HEPO (Health Education and Promotion Officers) ng Valenzuela City Health Department.

At sa kadahilanang ito ay sinimulan ng mga HEPO sa bawat barangay katuwang ang mga kawani ng ating mga Barangay Health Center sa buong Lungsod ng Valenzuela.



Isa sa mga layunin nito ay hikayatin ang mga tao na mamuhay ng malusog mula sa kanilang tinitirhan, pinapasukan at sa mga lugar na kung saan sila namamahinga. Isa sa mga programang katuwang nito ay ang kampanya laban sa sigarilyo (Republic Act 9211- Tobacco Regulation Act of 2003 ). Nais din ng mga HEPO na paigtingin ang kaalaman ng ating mga kababayan sa mga kaparaanan upang maiwasan ang mga sakit na nakukuha sa mga araw-araw na gawain at istilo ng pamumuhay o mas kilala sa tawag sa ingles na "Lifestyle Diseases". Sa tulong din nila ay maaring mapababa ang mga kaso ng pagkakasakit at kamatayan sa Valenzuela.

Ang mga kalusugan tips para sa buong pamilya para madagdagan ang mga taon ng buhay ay nagtuturo ng Healthy Lifestyle o HL. Ang HL ay paraan ng pamumuhay upang makaiwas sa malubhang karamdaman o maagang kamatayan. Nakakatulong ito na ma-enjoy ang mas maraming aspeto ng buhay. Nakapagbibigay ito ng kalusugang pisikal, mental at sosyal.

Maraming mga sakit ang maaaring maiwasan kapag mag HL, tulad ng sakit sa puso, alta presyon, kanser, diabetes at iba pang malulubhang sakit. ■ MARIA PIA DIZON

## YOUNG JOURNALISTS ARISING!

Over 40 Public and Private elementary and secondary school throughout the City of Valenzuela participated in the recently held "2nd Mayor WIN Young Journalists' Forum" for Elementary and for High School at Valenzuela Convention Center.




Editorial Cartoonist, Mr. Romy Buen conducted an on-the-spot editorial cartooning contest to showcase the creative talents of aspiring cartoonists.

Hundreds of elementary and high school students attended the seminar workshop facilitated by some of the known and finest journalists in the field of mass communications.

The seminar workshop aims to provide the students the skills and knowledge in journalism and to further develop those skills to produce outstanding writers in the future.

Through the efforts of Honorable Mayor Sherwin T. Gatchalian, in coordination with The Youth Development Office headed by FCC Lorena Natividad Borja, the 1-day seminar workshop ended with success and has embarked the young minds of aspiring journalists.■ FCC LORIE N. BORJA

## KATAS NG VAT TULONG PARA KAY LOLO AT LOLA

The distribution of KATAS NG VAT TULONG PARA KAY LOLO AT LOLA is a one-time cash subsidy of 500.00 for a qualified Senior Citizen. The fund is allocated by the VAT collection of National Government.



Ang mga Senior Citizen na kwalipikadong kumukuha ng katas ng VAT sa Valenzuela- Office of the Senior Citizens'Affair na 500 piso bawat isa.

The Program shall be implemented nationwide by the Department of Social Welfare and Development Office (DSWDO) in coordination with the Office of Senior Citizens Affairs (OSCA) and Local Government Unit (LGU). The criteria are 70 years and above, not covered by the SSS, GSIS or any Government retirement benefit and no regular income. The eligible beneficiary shall claim the subsidy at their respective OSCA, the claimant shall be required to present valid Identification card(OSCA ID) if the claimant is authorized representative of the Senior Citizen then he/she shall present the valid ID of the Senior Citizen and his/her valid ID and authorization letter from the Senior Citizen.

The said Distribution held at AVR Room of Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela. The 1st Batch of 791 Senior Citizen, availed the cash subsidy last December 5, 2008 and followed last December 22, 2008 where the 2nd Trance of almost 500 Senior Citizen claimed their cash subsidy. The 2nd batch of almost 300 Senior Citizen, availed the benefit last January 31, 2009. We still have allotted, 600 Senior Citizen for that benefit and it was distributed within the month of February 2009.■ DR. PABLO D. MARCELO

## ROTARY CLUB GROUP STUDY EXCHANGE FROM ENGLAND

Rotary Club Group Study Exchange (GSE) Team from Norfolk Country England paid a courtesy call at the office of City Mayor Sherwin Gatchalian. They were ushered in by Valenzuelano Rotarians headed by Rotary Club of Valenzuela President Mr. Peter Quintana. The team visited the city for a cultural and site tour as part of their learning program.

The Group Study Exchange (GSE) Program is an educational and travel grant program of the Rotary Foundation wherein Rotary Districts in different countries are paired up to send and receive professional study groups of four Non-Rotarian Team Members and one Rotarian Team Leader to travel for four to six weeks staying in the homes of Rotarians. For the year 2009, Rotary District 1080 or the Rotary Club of Norfolk County, England has been paired with Rotary Club District 3800 which includes the Rotary Clubs in Valenzuela.



The Valenzuelano Rotarians and the GSE from England: Simon Gorton, Lisa Pearson, Imogen Palmer, and Robin Sissons, and Jonathan Pearson

"For four weeks, we shall experience the Philippines culture and will observe how their profession is practiced here. We also hope to develop personal and professional relationships and exchange some ideas. We thank Valenzuela City Government and Rotarians for taking part and making this once in a life time experience memorable," Team Leader Simon Gorton said.■ MR. ZYAN CAIÑA

## KAAGAPAY SA PAGLILINGKOD BAYAN

Kamakailan ay ginanap sa Museo ng Valenzuela ang panunumpa ng mga opisyal ng VALENZUELA PERSONS WITH DISABILITY FEDERATION kay District-2 City Councilor Adrian C. Dapat na siya ring Action Officer ng Disabled Persons Affairs Committee (DPAC).



Nanunumpa sa tungkulin ang mga opisyal ng Valenzuela Persons with Disability Federation, mula sa kanan: si Ken Lennon Sabangan, secretary; Mr. Fidel Babante, auditor; Ms. Veneranda dela Peña, president; Ms. Lolita Alcera, treasurer; Ms. Rosemarie Nuñez, SPED Parents President; at si Councilor Adrian Dapat ang nag officiate ng oath taking.

Ang naturang pederasyon ay binubuo ng mga samahang nagtataguyod ng mga karapatan, mga benepisyo, at gumagawa ng mga programa para sa mga mamamayang may kapansanan.

Sila ay nakikipag-ugnayan sa ating Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ng DPAC na siya ring bumabalangkas at nagpapatupad ng mga patakaran para sa pagkalinga at paghahatid ng mga programa para sa differently abled nating mga kababayan.

Sa kasalukuyan ay may mga Discount at Priveledge Card na naipapamahagi para sa mga differently abled na kababababayan natin. Ang mga ID card ay may discount sa pagbili ng gamot, sa mga restaurant, sa pamasahe sa mga pampublikong sasakyan atbp. ■

## MGA SENIOR NA, PERO AKTIBO PA!

Dinaluhan ng mga chapter-president ng mga barangay ang ginanap na halalan sa pamunuan ng **Pinagbuklod na Samahan ng mga Nakatatanda sa Lungsod ng Valenzuela** o PSLV noong Enero 29 sa Valenzuela Convention Center.



Pinangasiwaan ni Mayor Win Gatchalian ang panunumpa sa tungkulin ng mga bagong opisyal ng Pinagbuklod na Samahan ng mga Nakatatanda sa Lungsod ng Valenzuela noong Pebrero 26

Nahalal si G. Ruben Cornelio bilang pangulo. Ang iba pang mga nahalal ay ang mga sumusunod: si G. Macairog Ponciano, pangalawang pangulo; G. Edgardo Biteng, ingat yaman; at Gng. Adela Divino, taga-tuos. Itinalaga naman si G. Ed de Guzman bilang sekretaryo, at sina Gng. Francisca Antonio, Gng. Beatriz Rivera at Gng. Lina Galvez bilang mga public relation officers.

Sa kaugnay na balita, nagkaroon din ng eleksyon ang ***Valenzuela Senior Citizen Federation*** noong ika-16 ng Enero na ginanap sa Valenzuela Convention Center.



Nahalal sa pangalawang pagkakataon si Gng. Florencia A. Miranda bilang presidente; si G. Magtanggol Marcelo bilang bise-presidente; si Gng. Fe Baja bilang ingat-yaman; at si Gng. Mely Felismino bilang taga-tuos. Nanumpa sila sa tungkulin sa harap ni Mayor WIN noong Marso 12. ■

## SABADO MORNING FITNESS CLUB

Sabado Morning Fitness Club (SMFC) is a physical fitness program of the Samahang Magkakapitbahay ng Fatima (SMF) Homeowners' Association, Inc. for the residents of Valenzuela City particularly those living within the vicinity of the National Shrine of Our Lady of Fatima.



Sabado Morning Fitness Club doing their aerobics at Doña Ata Basketball Court, Bgy. Marulas, one Saturday morning.

Its first aerobics session was held last March 13, 2004 with 32 registered participants. To date, the club has 328 registered members and has recorded its 700th session. No wonder it is **'the biggest and longest-running Aerobics Club in Valenzuela City'.** The club officers and members has launched the ***"Valenzuela City–The Aerobics Capital of the Philippines"*** Advocacy Campaign as part of its 'Proud to be Valenzuelano' Crusade. ■

FIL V. DE GUZMAN

# GSP VALENZUELA DISTRICT PANALO!

Isang karangalan para sa 43 kinatawan ng GSP Valenzuela District na maging kalahok sa ginanap na 27th Central Luzon Regional Encampment noong ika-4 hanggang ika-8 ng Pebrero, 2009 sa Bamban, Tarlac.

Ang tema ng nasabing gawain ay "Join In Reach Out, Change Lives." Ito ay nilahukan ng mga babaing iskawt mula sa iba't ibang lalawigan at lungsod ng Central Luzon na kinabibilangan ng 17 councils ito ay ang Angeles, Bataan, Bulacan, Caloocan, Cavite, Makati, Mandaluyong, Manila, Nueva Ecija, Pampanga, Pangasinan, Pasay City, Quezon City, Rizal, Tarlac, Zambales, at Pasig.



Nakipagtunggali sa iba't ibang larangan ang mga kinatawan ng Valenzuela na nagmula sa A. Fernando Elementary School, Punturin Elementary School, Silvestre Elementary School, Sitero Francisco Memorial High School, Bignay National High School at Mapulang Lupa National High School. Pinangunahan ang delegasyon nina Gng. Rosarie R. Carlos, GSP Valenzuela Coordinator, Gng. Janette Garcia, Program Coordinator, Bb. Irene Dis-aguen, Quarter Master Staff, Gng. Prudencia Nailga, Bb. Magdalena Cases, Bb. Cherryl Torillas, Bb. Rosalia Rosario at Gng. Nimfa Frio bilang mga troop leader ng bawat patrol.

Nakamit ng buong delegasyon ang mga sumusunod na karangalan: Best in Obstacle Course, Best in Song and Yell, Best in Gadgets, Most Discipline, Most Cooperative, Most Organized Patrol, Most Courteous, Most Creative, Most Supportive Troop Leader (Ms. Cherryl Torillas, Silvestre Lazaro ES), 1st runner-up in Hearts Night Wendy Cabututan, 2nd Place in Macrame, 3rd place in Log Book Making Contest, 3rd place- Cleanest Camp, 3rd place-Most Orderly, 3rd place-Most Punctual, Magic 9 in Hearts Night (Gerrylyn Lazaro, Marlen Esber, Donalyn Dantes).

Sinagot ng ating Punong Lungsod Kgg. Sherwin T. Gatchalian ang registration fee ng mga kalahok na nagkakahalaga ng Php. 1,500.00 bawat isa.

**MS. ROSARIE R. CARLOS**

# OPERASYON BIGAY LUNAS

Ang "***Operasyon Bigay Lunas***" medical mission ay isinagawa noong ika-1 ng Marso sa loob ng Marulas Central School, na nakapaglingkod sa kabuuang 2,579 mga pasyente.

Labis na tagumpay ang programa dahil sa pagtutulungan ng Mercury Drug, Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni Mayor WIN Gatchalian, Mr Wilfredo Laiz ng Mercury Drug, Ms. Dorothy Evangelista ng Special Projects Office, Ptr. Sonny Tiquia at mga doktor ng City Health Department.




Ang mga doktor ng Valenzuela Health Department, kasama si Madam Cynthia Villar, si Mr. Wilfredo Laiz ng Mercury Drug, at Ms. Dorothy Evangelista ng Special Projects Office ng Valenzuela City Government para sa **Operasyon Bigay Lunas**

Kinatawan ni Mayor WIN,personal at masiglang tumulong sa naturang paglilingkod bayan si Mr. WES Gatchalian.

Nagpasuri ng medikal na kalagayan at nabigyan ng kaukulang mga gamot ang 1,879 mga mamamayan.

Kasabay sa programa ang ***Sagip Tanaw Project*** na magkasamang itinaguyod ni Mayor WIN at Ptr. Sonny Tiquia. Nagpakonsulta sa cataract screening at iba pang pagsusuri sa mata at 700 katao at libreng binigyan ng may eksaktong grado ng salamin sa mata ang 520 mga mamamayan. "Nagpapasalamat ako kay Mayor WIN at sa kanyang mga katuwang sa kanilang programa. Salamat sa libreng konsulta sa mata at libreng salamin. Hirap ako dati gumawa at manahi, ngayon nakakapanahi na ako ng maayos." sabi ni Gng. Grace Macalinao, 55 taong gulang na mamamayan. ■

# LUPONG TAGAPAMAYAPA HOLDS ASSEMBLY

The Liga ng mga Lupong Tagapamayapa ng Lungsod ng Valenzuela held its monthly meeting at the Barangay of Wawang Pulo Covered Court on February 12, 2009. Hon. Renato Calixto, Chairman of Barangay Wawang Pulo and its Sangguniang Barangay, hosted the affair.

The Liga President, Mr. Henry Villedo of Bgy. Polo, spearheaded the activity that included the awarding of Plaques and Certificates of Appreciation to deserving members for their exemplary contributions to the Lupon and to the peace and order of their respective communities.



Guests of Honor Hon. Ritchie Cuadra, 1st District Councilor, and CPPO Concepcion A. Esguerra of the Valenzuela City Parole & Probation Office with Chairman Renato Calixto, Lupon President Henry Villedo, Vice President Bher Tamayo handed out the plaques and certificates.

After the awarding ceremonies, Councilor Cuadra addressed the Lupon members, thanking them for their valuable services to the City. CPPO Esguerra, assisted by SPPO Alex Limbaring, briefed the members on probation and parole, and agency thrusts Restorative Justice, Therapeutic Community and Volunteerism.

**MS. CONNIE A. ESGUERRA**

# ABCs of Salvation

**To know God and be ready for heaven, follow these steps:**

**A. Admit you are a sinner.**

"There is no one righteous, not even one…for all have sinned and fall short of the glory of God." Romans 3:10,23 (Romans 5:8; 6:23.)

**Ask God's Forgiveness.**

"Everyone who calls on the name of the Lord will be saved." Romans 10:13 ( Acts 3:19.)

**B. Believe in Jesus.**

(put your trust in Him) as your only hope of salvation. "For God so loved the world that he gave his one and only Son, that whoever believes in him shall not perish but have eternal life." John 3:16 (John 14:6.)

**Become a child of God by receiving Christ.**

"To all who received him, to those who believed in his name, he gave the right to become children of God." John 1:2 (Revelation 3:20.)

**C. Confess that Jesus is your Lord.**

"If you confess with your mouth, 'Jesus is Lord' and believe in your heart that God raised him from the dead, you will be saved.
Romans 10:9-10

***For further help, prayer and 24 hour counseling contact the***

***700 Club Asia***

***Tel. Nos. 810 7717 & 810 7176***




**VALENZUELA NGAYON**

Publisher : CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
Editor-in-Chief : REV. IBES L. PALILEO
Graphic Artist : MR. ALLAN C. TAMPADONG
Secretary : MS. LORNA O. ELARDO
News Coordinator : MR. JONATHAN A. LICUAN
Photographer : MR. ERWIN M. MARASIGAN
Consultants : MR. PHILIP A. ENCARNACION
MS. JING M. HERNANDEZ

Contributors :
MR. ZYAN CAIÑA, COUN. JUN G. SANTIAGO
MR. EFREN M. UY, FCC LORIE N. BORJA
MS. ROSARIE CARLOS, MS. ELSA SAMANIEGO
MR. FIL DE GUZMAN, DR. PABLO D. MARCELO
MS. PIA DIZON, MS. CONNIE ESGUERRA

VALENZUELA NGAYON is a quarterly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space. All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper. For comments, suggestions, and manuscripts, please address them to the City Publication Unit, Office of the City Mayor, 3rd floor Executive Bldg., Mc Arthur Highway, Malinta, Valenzuela City, or you may call us at telephone number 352-1000 local 1141.

# Rehistrado ka na ba?

## Narito ang Paraan ng Pagpaparehistro sa Sistemang Tuloy-tuloy na Rehistrasyon



1. Pumunta sa opisina ng Election Officer para sa personal na pagpaparehistro, kung ikaw ay may 6 na buwan na sa iyong tinitirahan.
2. Ipakita sa Election Officer (EO) ang alinman sa mga sumusunod na dokumento na magpapatunay ng pagkakakilanlan o pagkatao:
   - a) ID na may lagda ng opisyal ng kompanyang pinaglilingkuran
   - b) Postal ID
   - c) Student's ID or library card na may lagda ng opisyal ng paaralan
   - d) Senior Citizen's ID
   - e) Driver's License
   - f) NBI/PNP clearance
   - g) Passport
   - h) SSS/GSIS ID
   - i) PRC License
3. Punan ang application form (3 kopya) ng mga kinakailangang impormasyon gamit ang sariling sulat-kamay.
4. Magpakuha ng litrato, fingerprints at specimen signature gamit ang Data Capture Machine (DCM).
5. Manumpa sa harap ng EO na lahat ng impormasyong inilahad sa application form ay totoo.
6. Bago umalis, kunin ang Acknowledgement Receipt bilang patunay ng iyong aplikasyon sa pagpaparehistro.

COMMISSION ON ELECTIONS

## IPINATUPAD ANG VC BIZ BILIS

Isa sa layunin ni Mayor WIN Gatchalian na maging business-friendly ang lungsod ng Valenzuela kayat ipinatupad ang VC Biz Bilis. Sa ilalim ng programang ito ang business permit application at renewal na pinasimple at pinabilis sa apat na antas at gumagarantiya na makukuha agad ang Business License at Business Permit sa loob lamang ng isang oras o wala pa.

Ang apat na paraan upang magkaroon ng Business dito sa Valenzuela ay: antas 1- kumuha ng BPLO Application Form at ihanda lahat ng kinakailangang papeles. Antas 2-isumite ang notaryadong application form at kumpletong mga kinakailangan sa BPLO para sa halaga at pag bibigay ng Order of Payment. Antas 3-Magbayad sa Treasurer's Office. Antas 4-ipakita ang Opisyal na Resibo sa BPLO upang makuha ang Business License and Permit.

"Ipinagpaliban muna namin ang iba pang kinakailangan na nagtatagal ng tatlumpong araw bago makuha ang Business License. Kasama na dito ang Sanitary Inspection Certificate at iba pang katulad nito, kung ang isang aplikante ay napunan ang Application Form at naisumite na ito kasama ang kasalukuyang Community Tax Certificate(CTC) at kasalukuyang Income Tax Return (ITR) o VAT Return at nabayaran na lahat ng kailangang bayaran, ang kanilang Business Permit at License ay madali nang makukuha."pahayag ni Atty. Joel A. Ruma, ang Hepe ng Business Permit and License.

Ayon sa isang Businessman na si Mr. Peter Quintana "Ipinapakita lang na ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ay naka suporta sa mga businessman. Dati nagpapabalik-balik pa kami sa ibat-ibang departamento at opisina para sa pagkuha namin ng kinakailangang papeles, masyadong maraming oras ang nasasayang at dagdag gastos din para sa amin. Nalalapit nang maging stress-free para sa mga Businessman ang Valenzuela City." ■

## Procedure for Renewal of Business License

1. Submit completely filled-up **APPLICATION FORM** and all required documents for **EVALUATION** at Room A (Ground Floor. Conference Room, Finance Center)
2. Proceed to Taxpayers' Lounge A Assessment - Windows 10 to 12 and wait for the Release of Order of Payment - Window 9
3. Payment- Windows 3 to 8 Tax Payers' Lounge A
4. **RELEASING** of **Business License** (Windows 1 and 2) Taxpayers' Lounge A




**28 units ng mga REXcue Patrol multi cab para sa mga barangay ng District 1...** pahina 3